

# Ang dapat mong malaman tungkol sa cervical screening.

## Ano ang cervical screening?

Ang cervical screening ay pagsusuring ginagawa sa mga taong nasa panganib na magkaroon ng cervical cancer, pero walang sintomas at karaniwang mabuti ang pakiramdam. Ang Programang Cervical Screening ng Ontario ay isang screening program na hinihikayat ang mga taong ito na regular na magpasuri. Makakatulong sa iyo ang regular na cervical screening na maiwasang magkaroon ng cervical cancer.

Ang cervical cancer ay kanser sa cervix. Isang bahagi ng katawan ang cervix na ikinokonekta ang matris (bahay-bata) sa ari ng babae (genital opening). Ang cervical cancer ay halos palaging dulot ng human papillomavirus (HPV). **Hindi** ka mas malamang na magkakaroon ng cervical cancer kung ang ibang tao sa iyong pamilya ay nagkaroon ng cervical cancer.

## Ano ang human papillomavirus (HPV)?

Ang HPV ay isang virus na naipapasa mula sa isang tao papunta sa isa pang tao sa pamamagitan ng sekswal na pakikipag-ugnayan. Maaaring kabilangan ng maraming iba't ibang bagay ang sekswal na pakikipag-ugnayan. Sa talaan ng impormasyon na ito, kabilang dito ang anumang pagkakataong nadikit ang ibang tao sa iyong ari (mga pribadong bahagi). Ang pagdikit na ito ay maaaring sa pamamagitan ng mga kamay, bibig, o ari.

Pangkaraniwan ang HPV at kadalasan itong nawawala nang kusa nang walang anumang nagiging pinsala.

May mahigit sa 100 uri ng HPV at maaaring magdulot ang mga ito ng mga pagbabago sa mga selula ng cervix. Sa **ilang** uri ng HPV, ang mga pagbabagong ito sa selula ay maaaring maging cervical cancer sa paglipas ng panahon kung hindi magagamot ang mga ito.

## Ano ang cervical screening test?

Sinusuri ng cervical screening test ang mga uri ng HPV na kung minsan ay maaaring magdulot ng cervical cancer. Sinusuri din nito ang mga pagbabago sa selula sa cervix na dulot ng mga ganitong uri ng HPV. **Hindi** sinusuri ng pagsusuri ang iba pang uri ng HPV.

Pinalitan ng cervical screening test ang Pap test dahil mas mahusay ito sa pagtulong na maiwasan ang cervical cancer.

## Sino ang dapat magpasuri at gaano kadalas?

Inirerekomenda ng Programang Cervical Screening ng Ontario na ang karamihan ng mga taong kwalipikado para sa cervical screening ay magpasuri kada **5 taon**.

- Magpasuri kung ikaw ay:
  - Hindi bababa sa 25 taong gulang, at
  - Isang babae, Two-Spirit na tao, transmasculine na tao, o nonbinary na tao na may cervix, at
  - Nagkaroon ng sekswal na pakikipag-ugnayan sa ibang tao, at
  - Walang sintomas, tulad ng ibang pagdurugo o discharge (malinaw o dilaw na likido) mula sa ari (genital opening)
- Dapat ka pa ring magpasuri kung ikaw ay:
  - May bakuna laban sa HPV
  - Malusog ang pakiramdam
  - Nag-menopause na
  - Walang sinumang kapamilya na nagkaroon ng cervical cancer
  - Nagkaroon lang ng sekswal na pakikipag-ugnayan sa 1 tao
  - May iisang seskwat na kapareha lang sa loob ng mahabang panahon
  - Matagal nang hindi nagkaroon ng sekswal na pakikipag-ugnayan
  - Nasa relasyon ng magkaparehong kasarian



Posibleng kailanganin mong magpa-cervical screening kada **3 taon** kung mahina ang immune system mo. Halimbawa, kung nabubuhay ka na may HIV/AIDS o nagkaroon ka ng organ transplant.

Inirerekomenda rin ang cervical screening pagkatapos magamot para sa mga pagbabago sa selula sa cervix. Batay sa mga resulta ng paggamot na ito, ipapaalam sa iyo ng iyong doktor, nurse practitioner, nurse, o komadrona kung gaano kadalas ka dapat magpasuri.

Maaaring ihinto ng karamihan ng mga tao ang cervical screening mula edad 65 hanggang 69. Matutulungan ka ng iyong doctor, nurse practitioner, nurse, o komadrona na magpasya kung dapat ka pa ring magpasuri pagkalampas ng 69 na taong gulang.

## Ano ang nangyayari sa panahon ng cervical screening test?

Ang cervical screening test ay parang pagpapa-Pap test. Ang isang doktor, nurse practitioner, nurse, o komadrona ay gagamit ng maliit at malambot na brush para kumuha ng mga selula mula sa cervix nang sa gayon ay masuri ng laboratoryo ang mga selula para sa mga uri ng HPV at mga pagbabago sa selula. Ang taong gumagawa ng pagsusuri mo ay maaaring subukang gawing komportable ang pagsusuri hangga't maaari para sa iyo.

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng cervical screening test?

Makukuha mo ang resulta ng iyong cervical screening test sa pamamagitan ng koreo. Makakakuha rin ng kopya ng iyong resulta ang taong gumawa ng iyong pagsusuri at maaari niyang sagutin ang anumang tanong na posibleng mayroon ka. Maaari din siyang makipag-usap sa iyo tungkol sa mga susunod na hakbang.

Ang pagkakaroon ng isang uri ng HPV na kung minsan ay maaaring magdulot ng cervical cancer ay hindi palaging nangangahulugang mayroon kang cervical cancer, pero posibleng kailanganin mo ng pagsusuring tinatawag na **cervical colposcopy** (katunog ng call-poss-ka-pee).

Ang cervical colposcopy ay isang pagsusuring ginagawa ng isang espesyalistang doktor, tulad ng isang gynecologist. Sa panahon ng colposcopy, sinusuri ng espesyalista ang cervix nang mas masinsinan kaysa sa panahon ng cervical screening test para makita kung may anumang hindi mukhang

normal. Makakatulong sa iyo ang pagsailalim sa colposcopy na maiwasang magkaroon ng cervical cancer.

## Ano ang maaaring makaapekto sa pagkakataon kong magkaroon ng cervical cancer?

Mapapababa mo ang pagkakataon mong magkaroon ng cervical cancer sa pamamagitan ng regular na pagpapasuri. Tumataas ang pagkakataon mong magkaroon ng cervical cancer habang tumatanda ka, kung naninigarilyo ka, at kung nagkaroon ka ng sekswal na pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Bisitahin ang [mycanceriq.ca](http://mycanceriq.ca) para malaman pa ang tungkol sa kung ano ang maaaring makaapekto sa iyong pagkakataong magkaroon ng cervical cancer.

## Paano magpa-appointment para sa iyong pagsusuri?

Tawagan ang iyong doktor, nurse practitioner, nurse, o komadrona para hilingin sa kanilang gawin ang pagsusuri mo

-O-

Gamitin ang Health811 anumang oras para maghanap ng klinikang gumagawa ng mga cervical screening test:

- Hanapin ang “cervical screening test” sa [ontario.ca/healthservices](http://ontario.ca/healthservices)
- Tumawag sa 811 (TTY: 1.866.797.0007)
- Gamitin ang live chat sa [ontario.ca/health811](http://ontario.ca/health811)

**Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang: [ontariohealth.ca/cervical-test](http://ontariohealth.ca/cervical-test)**



Kailangan ang impormasyong ito sa isang naa-access na format?  
1-877-280-8538, TTY 1-800-855-0511, [info@ontariohealth.ca](mailto:info@ontariohealth.ca).  
Document disponible en français en contactant [info@ontariohealth.ca](mailto:info@ontariohealth.ca).